## MGA PAGGAMOT

Ang paggamot ay isinasagawa ng mga eksperto sa ospital. Kasama sa paggamot ang pagsuporta sa mga kakayahan ng katawan na nagpapanatili ng buhay kasama rin ang mga antibiotic upang mapigilan ang kumakalat na impeksyon.

- Ibinibigay ang mga antibiotic upang mapigilan ang impeksyon.
- Sa karaniwan, ang mga indibdwal na may sepsis o septic shock ay tatanggap ng IV fluid therapy at oxygen.
- Ibinibigay ang mga gamot ayon sa mga sintomas ng indibidwal gaya ng: gamot sa pagpigil ng blood pressure, insulin para sa mataas na blood glucose, corticosteroid para mabawasan ang mga implamasyon, at gamot para mapigilan ang pananakit.
- Pagpapasyahan ang operasyon depende sa kaso bilang pagpigil sa impeksyon o mga komplikasyon.
- Nakasaad ang therapy bilang pansuportang pangangalaga upang mapanatili at mapanumbalik ang kakayahan.
- Kung apektado ang sistema ng paghinga, maaaring kailanganin ang mekanikal na bentilasyon.
- Kung may pagpalya ng bato, maaaring kailanganin ang dialysis.

### PAGGALING

Posible ang paggaling sa sepsis. Maraming indibidwal ang gumagaling nang walang naiiwang problema sa kakayahan. Ang ilang nakakaligtas sa sepsis ay magkakaroon ng pangmatagalang pangangailangan sa paggaling batay sa pinsala sa organ o himaymay mula sa naganap na sepsis. Kung nagkaroon ng matinding trauma sa mga biyas, maaaring putulin ito. Ang ilang pasyente ay nagkakaroon ng post-traumatic stress syndrome, isang kondisyon ng kaisipan, bilang resulta ng trauma dahil sa naganap na sepsis.

## AKING IMPORMASYON

Pangalan:

________________________________________

### MEDIKAL NA KASAYSAYAN

Baseline na Blood Pressure:

________________________________________

Baseline na Temperatura ng Katawan:

________________________________________

Nyurolohikal na Lokasyon ng Injury:

________________________________________

Pangunahing Health Care Provider:

________________________________________

Numero ng Telepono:

________________________________________

Mga Alerhiya:

________________________________________

### PANG-EMERHENSYANG KONTAK

Kapag May Emerhensya, Tawagan Si:

________________________________________

Kaugnayan:

________________________________________

Numero ng Telepono:

________________________________________

*Ang lathalang ito ay suportado ng Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) bilang bahagi ng gawad ng pinansyal na tulong na may kabuuang halaga na $10,000,000, at ang 100 porsiyento ng pondo ay galing sa ACL/HHS. Ang nilalaman ay mula sa (mga) may-akda at hindi tuwirang kumakatawan sa mga opisyal na pananaw o pag-eendorso ng ACL/HHS, o ng Pamahalaan ng Estados Unidos.*

# SEPSIS

### ANO ITO

Ang sepsis ay isang kondisyong banta sa buhay, na nagaganap kapag ang tugon ng katawan sa impeksyon ang sumisira sa sarili nitong mga himaymay at organ. Ang sepsis ay humahantong sa shock, multiple organ failure at kamatayan—lalo na kung hindi mapapansin nang maaga at kung hindi magagamot kaagad. Sa mga indibidwal na may paralysis/spinal cord injury, maaaring magsimula ang impeksyon sa impeksyon sa daanan ng ihi (pantog), pulmonya, o sugat, pressure injury o ibang impeksyon. Kung hindi mapipigilan ang impeksyon sa mismong dako, maaari itong kumalat sa buong katawan. Iyon ang tinatawag na sepsis. Ang septic shock ay malubhang sepsis na may pagbaba ng blood pressure na humahantong sa pagpalya ng organ. Kapwa ang sepsis at septic shock ay banta sa buhay. Minsan, ang sepsis ay tinatawag na pagkalason ng dugo o systemic inflammatory response syndrome (SIRS).

Maaaring magkaroon ng sepsis sanhi ng kumakalat na impeksyon sa katawan, matapos ang operasyon o invasive procedure, o mula sa simpleng hiwa o gasgas.


**Ang sepsis is ay medikal na emerhensyang dapat gamutin kaagad.**

**Alam dapat ng sinumang may impeksyon ang panganib ng pagkakaroon ng sepsis.**

**Pinakamatagumpay ang paggamot sa unang oras mula nang magsimula ito.**

## Para sa Health Care Provider o Unang Tagatugon

Ang mga positibong kinahihinatnan ng sepsis o septic shock ay kaugnay ng maagang pagtukoy at paggamot. Ang ilang indibidwal ay napapag-aalamang may sepsis na hindi grabe. Maaaring maging ganap ang paggaling ng mga indibidwal na ito nang walang mga maiiwan na problema. Subalit, ang sepsis at septic shock ay maaaring magresulta sa malulubhang komplikasyon. Maaaring maging napakatindi ng mga komplikasyon ng sepsis o septic shock. Maaaring mapinsala ang alinman sa organ ng katawan dahil sa maling pagdaloy ng dugo. Namumuo ang dugo kaya nagkukulang ang daloy ng dugo sa mga organ ng katawan, o sa mga biyas na nagdudulot ng pagkamatay ng mga himaymay. Ang pinsala sa organ ay maaaring humantong sa pagpalya ng utak, puso, bato, baga, o anumang kakayahan ng katawan. Ang pinsala sa mga biyas ay maaaring humantong sa gangrene kaya kailangang putulin ito.



**Editorial Review by:**
Linda M. Schultz, PhD, CRRN

## KARANIWANG SINTOMAS NG SEPSIS

**Maaaring mapansin ang ilan o ang lahat ng sintomas:**

- Impeksyon o posibleng impeksyon
- Mataas na temperatura, mas mataas sa 38.30C o 101.30F
- Mabilis na tibok ng puso, mas mabilis sa 90 tibok kada minuto
- Mabilis na paghinga, mas mabilis sa 20 na paghinga kada minuto
- Ibang sintomas na maaaring mapansin:
- Pagkalito o coma
- Edema lalo na sa mga biyas, leeg, mukha
- Mataas na blood sugar kahit walang dyabetis
- Temperatura na mas mababa sa 36C o 97F

**Maaari ding kasama sa rikonosi ang mga bahaging ito:**

- Implamasyon sa dako ng unang impeksyon o saanman sa katawan
- Kawalan ng kakayahang mapanatili ang internal na blood pressure upang matiyak na may sapat na dugong may oxygen ang makakarating sa mga pangunahing organ
- Pagkasira ng organ, pagpalya ng alinman sa mga internal na organ
- Pagdaloy ng dugo sa mga himaymay, kakulangan ng oxygen sa anumang bahagi ng katawan, na agad makikita sa mga daliri ng kamay/ braso, daliri sa paa/ binti
- Natutukoy ang sepsis kapag may impeksyon saanmang bahagi ng katawan AT isa sa mga sumusunod:
- Maling pungsyon ng organ (pagpalya ng organ)
- Hypoxemia (kawalan ng kakayahang magpaikot ng oxygen sa iyong mga himaymay)
- Oliguria (kaunting pag-ihi)
- Lactic acidosis (pagbaba ng oxygen sa dugo)
- Mas mataas na enzyme sa atay (maling pungsyon ng atay)
- Pag-iiba ng pag-iisap (pagkalito/coma)

International Center for Spinal Cord Injury
at Kennedy Krieger Institute
*Research. Restoration. Recovery.*
**www.spinalcordrecovery.org**

## ANG DAPAT GAWIN

Ang pagpigil ang pinakamainam na dapat gawin upang maiwasan ang pagkakaroon ng sepsis. Dapat kumonsulta ang mga indibidwal sa kanilang health care provider para sa anumang impeksyon na hindi bumubuti o nadaragdagan ang sintomas gaya ng pamumula, pamamaga, paghihirap, pananakit, mainit na pakiramdam sa apektadong dako o lagnat/pagkaligkig. Kung mayroon kang impeksyon at dumaranas ng anumang sintomas na nakakadagdag sa impeksyon o reaksyon ng katawan, agad na tumawag o pumunta sa iyong healthcare provider.

## MGA PAGSUSURI

Ito ang mga karaniwang pagsusuri sa laboratoryo:

- Pagsusuri ng ihi para sa bakterya
- Pagkuha ng sampol ng sugat para sa bakterya
- Likido mula sa ilong o bibig para sa bakterya
- Pagsusuri ng dugo para sa bakterya, sanhi ng pamumuo, kakayahan ng puso, atay at bato, pagkakaroon ng oxygen o electrolyte

## MGA PAG-AARAL NG IMAHE

Maaaring isagawa ang pag-scan ng katawan para makita ang kakayahan ng internal na organ. Maaaring kabilang sa mga scan na ito ang:

- X ray
- CT scan (Computerized tomography)
- Ultrasound
- MRI (Magnetic resonance imaging)

CHRISTOPHER & DANA REEVE FOUNDATION
TODAY'S CARE. TOMORROW'S CURE.®
636 Morris Turnpike, Suite 3A
Short Hills, NJ 07078
Phone: 800-539-7309
**www.ChristopherReeve.org**

© Christopher & Dana Reeve Foundation